# Tagumpay



## WARM-UP

- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan sabik kang naghintay sa pag-uwi ng isang tao dahil alam mong may pasalubong siya sa iyo. Ano ang ginawa mo pagdating niya?
- Sino ang pinakamasipag na taong kilala mo? Magbahagi ng isang ala-ala na nagpapaliwanag nito.
- Naranasan mo na bang malagay sa isang nakakahiya o kaya ay mahirap na sitwasyon at kinailangang iligtas ka ng ibang tao mula sa sitwasyong ito? Ano ang nangyari?

## WORD

[11]*Makinig kayo! Nagpadala ng mensahe ang PANGINOON sa buong mundo, na nagsasabi, "Sabihin ninyo sa lahat ng taga-Israel na ang kanilang Tagapagligtas ay dumating na, at may dalang gantimpala.* [12]*Tatawagin silang 'Banal' at 'Iniligtas ng Panginoon.' At ang Jerusalem naman ay tatawaging, 'Lungsod na Pinananabikan' at 'Lungsod na hindi na Pinabayaan.' "* **ISAIAS 62:11–12**

(Basahin din ang **ISAIAS 62:8–10.**)

Sa pag-aaral natin ng Isaias, paulit-ulit nating nakikita na nabigong tuparin ng mga mamamayan ng Diyos ang bahagi nila sa kasunduan. Kabaligtaran nito, ang Diyos ay palaging tumutupad sa kasunduan at sa pangakong ibinigay Niya sa Kanyang mamamayan. Sa pahayag na ito, inulit ng Diyos ang pangakong ibinigay Niya dati—palalayain Niya ang Kanyang mamamayan at itataguyod Niya ang Kanyang kasunduan sa kanila. Tatawagin silang *Lungsod na Pinananabikan* at *Lungsod na hindi na Pinabayaan*. Alam natin ngayon na tinupad ng Diyos ang pangakong ito sa pamamagitan ni Jesus. Ang lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Tagapagligtas ay natupad kay Cristo. Sa Kanya, natatanggap natin ang ating kaligtasan, tagumpay, at lahat ng pagpapala ng Diyos para sa atin. Sa araling ito, titingnan natin kung paano kumikilos ang Diyos upang tuparin ang Kanyang kasunduan sa Kanyang mamamayan.

## 1 Binabaligtad ng Diyos ang kalagayan ng Kanyang mamamayan.

*[8]Nangako ang PANGINOON na gagawin niya ito sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Sinabi niya, "Hindi ko na ipapakain ang inyong mga trigo sa inyong mga dayuhang kaaway. Hindi na rin nila maiinom ang mga bagong katas ng ubas na inyong pinaghirapan. [9]Kayo mismong nag-aani ng trigo ang kakain nito, at pupurihin ninyo ako. Kayo mismong namimitas ng ubas ang iinom ng katas nito roon sa aking templo."* **ISAIAS 62:8–9**

Ang mga Israelita ay napilitang magbigay ng bahagi ng kanilang kinikita upang parangalan ang mga makapangyarihang bayan sa paligid nila. Ipinapakain nila ang kanilang mga trigo sa kanilang mga kaaway at ipinapainom ang katas ng kanilang ubas sa mga dayuhan. Sa pahayag na ito, nangako ang Diyos na babaligtarin Niya ang kanilang kalagayan. Ipinahayag Niya ang kaligtasan mula sa pang-aaping ito. Ikasisiya na ng mga Israelita ang bunga ng kanilang pinaghirapan at pupurihin nila ang Panginoon. Ginagawa din ito ng Diyos para sa atin sa kasalukuyan. Magagawa nating panghawakan ang Kanyang salita dahil kaya Niyang baligtarin ang ating mga kalagayan. Ayon sa Mga Taga-Roma 8:28, ano ang ipinangako para sa mga nagmamahal sa Diyos at tinawag ayon sa Kanyang layunin?

## 2 Naghahatid ang Diyos ng kalayaan para sa Kanyang mamamayan.

*Makinig kayo! Nagpadala ng mensahe ang PANGINOON sa buong mundo, na nagsasabi, "Sabihin ninyo sa lahat ng taga-Israel na ang kanilang Tagapagligtas ay dumating na, at may dalang gantimpala."* **ISAIAS 62:11**

Paparating ang Diyos at Siya ay *may dalang gantimpala*. Ang Diyos ay palaging kumikilos upang magdala ng kaligtasan sa Kanyang mamamayan. Nagnanais din Siyang magbigay ng mga pagpapala at gantimpala hindi dahil karapat-dapat ang mga tao na tumanggap nito kundi dahil sa kung sino Siya. Matapat Siyang tumutupad sa Kanyang mga pangako at nagbibigay din

Siya ng gantimpala. Ang mga ginawa at patuloy na ginagawa Niya ay maipapahayag *sa buong mundo*. Ipapadala ng Diyos ang Tagapagligtas, at makikita ng mga tao ang hatid Niyang kalayaan. Paano ginamit ng Diyos ang ibang tao upang ipahayag sa iyo ang Kanyang kaligtasan?

## 3 Ang pagligtas ng Diyos sa Kanyang mamamayan ay makikita ng lahat.

*"Tatawagin silang 'Banal' at 'Iniligtas ng PANGINOON.' At ang Jerusalem naman ay tatawaging, 'Lungsod na Pinananabikan' at 'Lungsod na hindi na Pinabayaan.' "* **ISAIAS 62:12**

Ang Diyos ay laging kumikilos upang tubusin ang Kanyang mamamayan at ibalik sila sa tamang ugnayan sa Kanya. Upang magawa ito, pinili Niya ang Israel upang maging Kanyang patotoo sa mundo. Ang Diyos ang maghahatid ng kalayaan sa Kanyang mamamayan, magtataguyod sa kanila sa lupain nila, at magpapatanyag sa kanila hindi lamang para sa kanilang kapakanan kundi upang makita at makilala din Siya ng iba pang grupo ng mga tao. Ipinadala Niya ang Kanyang Tagapagligtas—si Jesu-Cristo—sa pamamagitan ng mga Judio. Sila ay magiging lungsod na pinananabikan dahil nakipag-ugnayan sa kanila ang Diyos at hindi Niya sila kinamuhian sa kabila ng kanilang kasalanan at rebelyon. Makikita ng mga tao ang ginagawa ng Diyos sa kanilang mga buhay at hahangarin din nila ito. Tulad nito, nais ng Diyos na ipahayag ang Kanyang katotohanan sa pamamagitan natin. Sumusunod tayo sa Kanya at ipinapangaral natin ang Kanyang salita hindi dahil obligado tayong gawin ito kundi dahil sa Kanyang pagmamahal. Ang pagmamahal na nakipag-ugnayan sa atin ang nagtutulak sa ating makipag-ugnayan din ang iba. Ano ang sinasabi sa 2 Corinto 5:14–15 tungkol sa pagmamahal ni Cristo?

## APPLICATION

- Anong bahagi ng buhay at pamilya mo ang ninanais mong baligtarin ng Diyos? Naniniwala ka ba na kayang gumawa ng Diyos ng isang himala sa isang sitwasyon na tila wala nang patutunguhan? Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung ano ang ginagawa Niya para sa iyo sa pamamagitan ng sitwasyong ito.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang motibo mo sa pangangaral ng ebanghelyo. Kung may ibang bagay maliban sa Kanyang pagmamahal na nagtutulak sa iyong gawin ito, hingin sa Kanya na baguhin ang puso mo at ibahagi sa iyo ang pagmamahal Niya para sa mga tao.
- Sa iyong mga kapamilya at kaibigan, sino sa palagay mo ang nangangailangang makaranas ng tagumpay at kalayaan na ibinibigay ni Cristo? Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon upang maibahagi ang ginawa ni Cristo at upang maranasan din nila ang kalayaan.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kalayaan na maaari nating matanggap kay Jesu-Cristo. Pasalamatan Siya dahil ginagawa ka Niyang bahagi ng Kanyang pagkilos upang makilala Siya ng iba at maranasan nila ang kalayaang inihahatid ni Jesus.
- Ipanalangin na anuman ang sitwasyon mo, hindi mawawala ang pagkamangha mo sa ginawa ng Diyos upang ibalik tayo sa Kanya. Ipanalangin na ang Kanyang pagmamahal ang magtutulak sa iyo upang ipahayag ang ginawa ni Jesus sa krus para sa atin.
- Hingin sa Diyos ang kalakasan at tapang upang maki-ugnay sa mga tao na maaari mong maimpluwensiyahan. Ipanalangin na lagi kang maging handang ibahagi ang pag-asa na mayroon ka kay Cristo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph